



# Mga karaniwang itatanong sa isang tagapangalaga ng bata

Ang mga programa ng de-kalidad na pangangalaga ng bata ay pinaparamdam sa mga bata na sila ay ligtas, sinusuportahan at inaalagaan. Sinusuportahan nila ang pagkatuto at paglaki ng mga bata sa pamamagitan ng pagbuo ng mga kaugnayan sa mga pamilya at tagapagturo, at pagbibigay ng isang nakakawili at mapag-arulang kapaligiran na tumutulong sa pag-unlad at paglaki ng mga bata.

**Gamitin ang mga tanong na ito upang gabayan ang iyong paghahanap ng de-kalidad na pangangalaga ng bata na akma sa iyo at sa mga pangangailangan ng iyong anak.**

## MGA GASTOS AT PAGIGING AVAILABLE

1. Mayroon ba kayong lugar para sa aking anak? (kung wala, mayroon bang waiting list at gaano ito katagal?)
2. Magkano ito? Mayroon bang mga karagdagang bayad? (hilingin sa mga nag-aalaga na ipaliwanag ang mga karagdagang gastos hal., mga piyesta opisyal, mga araw na may sakit, nahuling pagsundo o mga bayad sa aplikasyon)
3. Mayroon bang mga puwang para sa binibigyan ng subsidiya sa center na ito?
4. Nag-aalok ba kayo ng full-time at part-time na enrollment?
5. Gaano maaaring iakma ang mga oras ng pagsundo o paghahatid?
6. Paano nakikipag-ugnayan ang mga nag-aalaga sa mga magulang at kailan maaaring bumisita ang mga magulang?

### KATOTOHANAN:

Maaari kang pumili mula sa pangangalaga sa isang lisensyadong center o isang tahanan. Ang ilan sa mga nagbibigay ng serbisyo sa tahanan ay may kaugnayan sa isang lisensyadong ahensiya at ang iba ay hindi lisensyado. Maaring mag-iba ang mga gastos.

## KALUSUGAN AT KALIGTASAN

1. Lisensyado ba kayo o hindi?
2. Ilang bata ang inaalagaan ninyo?

### KATOTOHANAN:

Ang mga provider na hindi lisensyado ay hindi maaaring mag-alaga ng mahigit sa limang bata sa kanilang tahanan.

[ontario.ca/childcare](http://ontario.ca/childcare)

3. Paano ninyo sinisiguro ang kalusugan ng mga bata? (hal., pagtulog, kalinisan)
4. Anong nangyayari kapag may sakit ang isang bata? (hal., pinapauwi ba ang mga ito o binibigyan ng mga gamot)
5. Anong mga pamamaraang pangkaligtasan ang ginagamit? (hal., fire extinguisher, mga smoke/CO detector, first aid kit, mga gate at plug na pangkaligtasan)
6. Ano ang inyong plano ng paglikas kapag may emerhensiya?
7. Nag-aalok ba kayo ng plano sa anaphylaxis para sa mga batang may mga matinding alerhiya?

## PAGKAIN AT NUTRISYON

1. Anong uri ng mga miryenda at pagkain ang ibinibigay ninyo?
2. Hinahanda ba ang pagkain sa lugar o naka-cater?
3. Mayroon bang ilang mga pagkain na hindi pinapayagan sa lugar? (hal., mga mani o iba pang nagdudulot ng alerhiya)
4. Matutugunan ba ninyo ang mga pangangailangan ng aming pamilya sa pagkain?
5. Mayroon bang magagamit na pridyeler para sa gatas ng ina at mayroon bang iskedyl para sa pagpapadede?

### MAGHANAP NG:

Mga plano sa pagkain kung saan kasama ang lahat ng 4 na grupo ng pagkain.

## PAGKATUTO AT PAGLALARO

1. Ano ang gagawin ng anak ko sa buong araw?
2. Paano susuportahan ng mga gamit sa paglalaro ang pagkatuto, pagiging malikhain at pakikisalamuha sa kapwa?
3. Paano ninyo hinihikayat ang paglalaro sa loob at labas? Gaano karaming oras ang ginugugol sa labas?
4. Paano isinasama sa programa ang iba't-ibang mga tradisyon ng kultura?
5. Paano sumasali ang mga miyembro ng pamilya sa programa?
6. Anong nangyayari kapag galit o naiinis ang isang bata?

### MAGHANAP NG:

- Isang kapaligiran na sumusuporta sa pagkatuto ng mga bata sa pamamagitan ng paglalaro at pag-e-explore.
- Pagiging kasali ng pamilya na tinatanggap at hinihikayat.

## MGA NAG-AALAGA AT SINANAY NA PROPESYONAL

1. Anong mga kwalipikasyon o pagsasanay ang mayroon ang mga tauhan at provider? (hal., Rehistradong Tagapagturo sa Maagang Pagkabata)
2. Mayroon bang may sertipikasyon sa CPR at Pangunang Lunas sa lugar?
3. Anong nangyayari kapag may sakit o wala ang tauhan o provider?

### MAGHANAP NG:

Tauhan o provider na mayroong mga kwalipikasyon o pagsasanay na may kaugnayan sa pagtatrabaho kasama ng mga bata..

[ontario.ca/childcare](http://ontario.ca/childcare)